American Cancer Society®
Every cancer. Every life.®

# Ano ang Gagawin para sa Mababang Bilang ng Platelet

Ang platelet ay isang uri ng selula ng dugo na tumutulong sa pamumuo ng iyong dugo at pinapatigil ang pagdurugo kapag ikaw ay nasugatan. Kung mayroon kang mababang platelets, ito ay tinatawag na **thrombocytopenia**. Ang kondisyong ito ay maaaring magdulot sa iyo ng pasa-pasa o madaling pagdugo. Maaari ka ring magkaroon ng pananakit sa kasu-kasuan o kalamnan.

## Ano ang mga sanhi ng mababang bilang ng platelet?

Maraming bagay ang maaaring maging sanhi ng mababang bilang ng platelet? Kabilang sa mga ito ang:

- Paggamot sa cancer, tulad ng chemotherapy o radiation therapy
- Mga partikular na cancer, tulad ng leukemia at lymphoma
- Mga sakit na nakakaapekto sa bone marrow
- Mga problema sa kalusugan tulad ng lupus, cirrhosis, o hepatitis
- Mga impeksyon, tulad ng Epstein-Barr virus at HIV
- Mga gamot, tulad ng mga nonsteroidal anti-inflammatory drug (mga NSAID), aspirin, at ilang antibiotic

## Ano ang mga palatandaan at sintomas ng mababang bilang ng platelet?

Ang ilang karaniwang palatandaan at sintomas ng mababang bilang ng platelet ay:

- Pagdurugo nang hindi alam ang dahilan
- Dumarami o lumalalang pasa-pasa kaysa karaniwan
- Maliliit na pula o lilang batik-batik sa balat (petechiae)
- Pagreregla na mas malala kaysa karaniwan

## Paano ginagamot ang mababang bilang ng platelet?

Ang paggamot ng mababang bilang ng platelet ay nakadepende sa sanhi. Maaaring kabilang sa paggamot ang:

- Transfusion ng platelet
- Pagbabago o pansamantalang paghinto ng paggamot kung ito ang dahilan
- Paggamot sa problema sa kalusugan kung ito ang dahilan
- Mga partikular na gamot o procedure para mapahinto ang pagdurugo

## Ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa pamamahala ng mababang bilang ng platelet?

Kung mababa ang bilang ng iyong platelet, maaari kang makatulong sa pag-iwas sa mga problema sa pagdurugo.

- Iwasan ang paggawa ng mga bagay na maaaring magdulot ng pinsala, pagkadulas, o pagkatumba.
- Gumamit ng malambot na sepilyo. Itanong sa iyong cancer care team kung okey lang na mag-floss.
- Gumamit ng de-kuryenteng pang-ahit (hindi razor blade).
- Laging magsuot ng sapatos kapag ikaw ay nasa labas.
- Maging mas maingat sa matatalim na bagay tulad ng mga kutsilyo.
- Gumamit ng pampalambot ng dumi upang matulungang maiwasan ang pagtigas ng dumi at hemorrhoids.
- Huwag maglagay ng anumang bagay sa iyong rectum (mga enema o termometro).
- Huwag suminga o umubo nang malakas.
- Iwasan ang mga gamot na magpapanipis ng dugo maliban kung sinabi ng iyong cancer care team na kailangan mong inumin ang mga ito. Kabilang dito ang aspirin at mga NSAID.
- Ipaalam sa iyong cancer care team ang tungkol sa lahat ng gamot na inireseta at nabibili nang walang reseta na iniinom mo. Bukod dito, ipaalam sa kanila ang tungkol sa anumang mga supplement, bitamina, o herb na ginagamit mo. Maaaring maapektuhan ng mga ito ang dugo.

## Kailan kakausapin ang iyong cancer care team

Kausapin ang iyong cancer care team kung ikaw ay:

- May pagdurugo mula sa iyong bibig o gilagid, o dugo sa iyong dumi o ihi
- Nagsusuka ng madilim na brown o matingkad na pula
- Dumudumi ng pula o itim
- Nahihilo, parang mahihimatay, o matutumba

## Kailan tatawag sa 911 o pupunta sa ER

Tawagan ang 911 o pumunta sa ER kung ikaw ay:

- Nakakaranas ng matinding pananakit ng ulo o malabong paningin
- Mayroong pagdurugo na hindi tumitigil
- Nakakaranas ng panibago o lumalalang pagkalito
- Natumba o naumpog ang ulo habang mababa ang iyong platelets

Para sa higit pang impormasyon at suporta, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa **cancer.org/tagalog** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.



©2026, American Cancer Society, Inc.
No. 0869.11 Rev. 4/26
BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity